AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 30

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* **Ang Ambisyosong Istetoskop.** ***Isinulat ito ni Luis P. Gatmaitan, M.D.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 30** |
| --- |
| Book Title: **Ang Ambisyosong Istetoskop** |
| Author: Luis P. Gatmaitan, M.D. |
| Source: Adarna House / Buribooks |
| Good afternoon! ☺ Si Teacher Robyn ulit!🧡<br>Maikli lang 'to na story, at kayang-kaya natin to! Naniniwala si Teacher sa inyo! 🧡<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Ano ulit ang promise natin sa isa't isa para sa reading natin? ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔<br><br>**(1) Kuna**<br>**(2) Humuhuni**<br>**(3) Luminga-linga (linga)** |

📍*Bigkasin natin ang kada-linya ang Part 2 ng ating librong "Ang Ambisyosong Istetiskop"! Ito ay isinulat ni Luis P. Gatmaitan, M.D., at guhit ni Beth Parrocha-Doctolero.*📣

📍 Galit na galit si Istet. Halos itanggi niyang siya ay gawa sa Espanya. "Wala na sa katwiran ang mga Espanyol. Sobra na ang pakikialam nila!"

👉"Hiyang-hiya ako kay Pepe at sa kaniyang mga kababayan," nakayukong sabi ni Istet.
👉"Wala kang kasalanan, Istet. Hindi naman ang lahing Espanyol ang inaayawan ni Pepe kundi ang pamamalakad nila sa ating bayan," sabad ni Isko Iskalpel.

👉"Totoo 'yun! At wala nang mas dadakila pa sa taong nagmamahal sa kaniyang bayan," paliwanag ni Teroy Termomiter.
👉"A, basta, tutusukin ko sila!" hirit ulit ni Gringga Heringgilya.

📍 Lalong lumaki ang paghanga ni Istet kay Pepe. Nakalimutan ng supladong istetoskop ang kaniyang pinapangarap na pagsikat.
📍 Sa Dapitan, muling nagamit ng munting klinika ni Pepe ang mga instrumento niya sa panggagamot.
📍 Isang umaga, hindi na nagisnan ni Istet sina Pepe, Pen-pen, Popoy, Isko, Teroy, at Gringga. Hinanap niya ang mga kaibigan. Ipinagtanong-tanong. Subalit walang makapagsabi kung nasaan sila.

👉"Siguro'y nakakita na ng bagong istetoskop si Pepe. Mas bago, mas makintab, at siguro'y mas malakas ang pandinig. Iniwanan na n'ya ako."

📍 Lumipas ang maraming taon. Isang araw, may mga panauhing dumating sa lumang klinika ni Pepe sa Dapitan. Bagama't luma na si Istet ay malinaw pa rin niyang naririnig ang usap-usapan ng mga lalaking ito. Binabanggit nila si Pepe.

📍 Ipinasusundo na siya. Dadalhin sa Maynila.

▸"Saan na naman kaya kami maglilibot ni Pepe?" Kasama kaya niya sina Pen-pen at Gringga?" Nakatulugan na niya ang mahabang paglalakbay.

📍 Nagulat si Istet nang muling magmulat ng mata. Maraming pares ng matang nakatunghay sa kaniya sa kuwadrong sisidlan na napaliligiran ng salamin.

▸"Sino kayo? Nasaan ako?" tanong ni Istet.

📍 Ngunit parang walang nakaririnig kay Istet.
📍 Noong una'y natakot siya at nabahala. Pero nang titigan niya ang mga mata nito, ang nakita niya roon ay paghanga.

▸"Teka, ano itong naririnig ko? A-Ako raw ang pinakasikat na istetoskop sa balat ng

lupa. Aba'y bakit? Ano ba'ng nangyari kay Pepe?"

📍Iginala niya ang kaniyang paningin. Sa isang sulok ay nakita niya sina Pen-pen at Gringga na nakahiga rin sa kamang katulad ng sa kaniya. Nandoon din sina Popoy, Isko, at Teroy. Marami ring mata ang nakasilip sa kanila.

📍Sa katapat na dingding, nakita ni Istet ang isang malaking kuwadro ni Pepe. Nakaharap ito sa direksiyon niya. Nakangiti.

📍Noon lamang napagtanto ni Istet na ang dayuhang muntik na niyang isnabin sa Espanya ang hinirang na pinakadakilang bayani ng bansang Filipinas.

💡Natupad na rin ang pangarap ni Istet. Ngunit para sa kaniya, sikat man o hindi, ang higit na mahalaga'y magkasama na silang muli ni Pepe - doon sa museo.

✏️ **GAWAIN**
Nagustuhan ba natin ang kuwento ni Istet? ☺ Sabay-sabay natin balikan ang kuwento niya! 🤓 Kung may papel tayo sa bahay, gamitin natin ito para maalala ang ating nakikita sa story! Kung wala, okay lang!

❓Nagkatotoo ba ang pangarap ni Istet? Ano ang nangyari bago ito ay matupad?
❓Sa iyong tingin, masaya ba ang naging katapusan ng kwento ni Istet?
❓Kung ikaw ang nagsulat ng kwento, sa iyong palagay ba ay pareho ang magiging katapusan ng istorya o magkaiba?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

📍Tignan natin kung gaano kagaling ang imahinasyon ninyo! Iguhit sa inyong papel ang inyong sariling katapusan ng kwento ni Istet.

📍Excited si Teacher makita ang inyong mga drawing na magaganda!

✔️Congrats sa pagtapos ng pagbasa, mga bata! ✔️✔️✔️ Proud na proud ako sa inyo!

✔️May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤️

-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.